Impormasyon sa Pagpapalawig ng mga Benepisyong pang-Postpartum para sa Medi-Cal at Medi-Cal Access Program pagkatapos ng Pagbubuntis

Buntis ka ba? O buntis ka ba nitong nakaraang 60 araw, o nawala kamakailan ang iyong Medi-Cal para sa postpartum?

Kung nababalisa o depressed ka noong pagbubuntis mo, o nararamdaman ito ngayon, makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang maging kwalipikado para panatilihin ang Medi-Cal nang ISANG TAON pagkalipas ng pagbubuntis, nang hindi alintana ang iyong katayuan sa imigrasyon.

PAANO AKO MAG-AAPPLY?

UNANG HAKBANG: Makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at hilingin sa kanila na kumpletuhin ang form **MC 61,** ang Medical Report para sa Medi-Cal or MCAP Postpartum Care Extension. Makikita mo o ng iyong tagapagkaloob ang MC 61 sa website ng DHCS https://www.dhcs.ca.gov/formsandpubs/forms/Pages/default.aspx

IKALAWANG HAKBANG: Hilingin sa tagapagkaloob mo na kumpletuhin at lagdaan ang MC 61.

IKATLONG HAKBANG: Ibalik ang kinumpletong MC 61 sa iyong lokal na Tanggapan ng County nang personal, sa koreo, o tawagan ang County para sa karagdagang opsyon sa pagsusumite ng MC 61.

Hanapin ang numero ng telepono sa iyong county dito: https://www.dhcs.ca.gov/services/medical/Pages/CountyOffices.aspx

Kung nasa Medi-Cal Access Program (MCAP) ka, maaari mong isumite ang kinumpletong MC 61:

- Sa pamamagitan ng koreo sa MCAP, P.O. Box 15559, Sacramento, CA 95852-0559, o
- Sa pamamagitan ng fax sa 1-888-889-9238, o
- Tumawag sa MCAP sa 1-800-433-2611 para sa higit na opsyon sa pagsusumite ng MC 61